

# PROLOGUE

Malakas ang sasal ng kaba sa dibdib ni Liezel habang papasok siya sa pribadong opisina ng *Alcala Trading*, isa iyong tindahan ng mga construction supplies na sinubukan niyang pag-apply-an kahit na wala siyang idea kung paano magtrabaho roon.

Kakatapos lang kasi niya ng high school, kaya wala pa siyang experience sa kahit anong trabaho maliban sa mag-babysit at maglinis ng bahay ng ibang tao. Noong nakaraang araw lang ay ipinasa niya ang kanyang biodata at laking tuwa niya na noong araw ring iyon ay may nag-text sa kanya para sabihing pumunta siya sa araw na ito para sa interview.

Pang-lima na iyon sa kanyang pinasahan ng biodata simula nang dumating siya rito sa Maynila. Nauubusan na nga siya ng pag-asa na matatanggap pa siya dahil bukod sa high school graduate at wala pang work experience ay sixteen pa lamang si Liezel. Kaya lubos niyang ipinagpapasalamat na sa wakas ay may nakapansin ng kanyang biodata.

“Good morning, Sir,” nahihiya pa niyang bati sa isang matandang lalaki na naabutan niya sa loob ng opisina na tila isang living/dining room lang.

Hindi iyon mukhang opisina. Salamin ang pader na naghihiwalay sa mismong tindahan at mula sa kanyang kinatatayuan ay kita niya ang galaw ng mga taong nagtatrabaho sa labas ng opisina.

May malapad na pasimano sa harap ng salaming dingding na may built-in drawer at cabinet sa ilalim at sa harap niyon ay nakaupo ang matandang lalaki na sa hula niya ay nasa late fifties na ang edad. Gayunpaman ay mukha pa rin itong matikas at bakas sa mukha ang gandang lalaki noong kabataan.

“Maupo ka, hija.” Iminuwestra ni Mr. Jose Alcala ang isang silyang nasa tabi nito.

Agad niya iyong hinila at naupo siya paharap dito.

“Liesel Jade Mamaril,” sambit nito na nakatingin sa kanyang biodata. “Tubong GenSan, paano ka napadpad dito? Meron ka bang relatives dito?” Noon ito nag-angat ng tingin sa kanya.

“Wala po, sumama lang po ako sa kaibigan ko.”

“At ano naman ang ginagawa ng kaibigan mo dito sa Maynila?”

“Nag-aaral po siya.” Malamig ang silid dahil sa air-con, pero pakiramdam ni Liesel ay pinagpapawisan

siya dala ng tensyon. Hindi niya alam na ganoon pala ang interview.

“Ikaw, bakit hindi ka muna mag-aral? Ang bata mo pa.”

“Hindi po kayang tustusan ng mama ko ang aking pag-aaral. Ang kinikita po niya sa pagtitinda sa palengke ay sapat lang po para sa pang-araw-araw na gastusin sa bahay.”

“I see,” tumango-tango ang matanda. “Kung bibigyan ka ng pagkakataon na makapag-aral ng kolehiyo, ano naman ang kursong kukunin mo?”

“Education po, gusto ko po kasing magturo.”

Tumango-tango ito ulit. Muli nitong pinasadahan ng tingin ang kanyang biodata saka tumingin ulit sa kanya. “May idea ka ba kung ano ang magiging trabaho mo rito sakaling tanggapin kita?”

*Hindi po.* Iyon ang totoo pero hindi niya iyon sasabihin. Naobserbahan niya kanina ang ginagawa ng mga taong nagtatrabaho roon, at dahil saleslady naman ang kanyang in-apply-an, sa tingin ni Liezel ay karaniwang pag-assist lang sa mga bumibili ang kanyang gagawin doon.

“Magtitinda po.”

Nakita niyang napangiti ang kausap sa kanyang isinagot. Ibinaba nito sa pasimano ang kanyang biodata at pinaglapat ang mga kamay saka matiim na tumingin sa kanya.

“Umiinom ka ba ng kape?”

Napamulagat siya sa tanong nito. “Po?”

Natawa ito sa reaksiyon niya. “Marunong ka bang magtimpla ng kape?”

Nakakunot ang kanyang noo nang sumagot, “Opo.”

“Ipagtimpla mo ako ng kape,” nakangiti nitong utos. Itinuro nito ang kusina at agad naman siyang sumunod.

*Saleslady naman ang ina-apply-an ko, hindi barista.* Naguguluhan man ay sinunod na lang ni Liezel ang gusto ng matanda. Handa siyang gawin ang kahit na ano—maliban na lang sa pagbebenta ng katawan—matanggap lang siya sa trabaho. At kung sa kape madadaan ang kanyang interviewer ay sigurado na siyang papasa siya.

Nang idulog niya sa harap ni Mr. Alcalá ang tasa ng kape ay nahagip ng paningin niya ang kanyang biodata. Sa kanyang pagtataka ay wala na ang picture

niya roon. Napansin din niya ang mga larawang nasa ilalim ng salaming nakapatong sa ibabaw ng pasimano. Anim na close-up photos iyon at isang family picture.

Nagpasalamat ang matanda at humigop sa kapeng tinimpla niya.

“Mga anak ko sila,” sabi ng matanda nang mapansing nakatingin siya sa naka-frame na mga picture. Ibinaba nito sa pasimano ang tasa ng kape at isa-isang ipinakilala sa kanya ang mga nasa larawan. Una ang asawa nito na ayon dito ay nasa forty-five na sa larawan, pero sa kanyang paningin ay mukha lang thirty. “Ito si Marvin, ang panganay namin.” Kamukhang-kamukha nito ang tinukoy na Marvin. Parang pinagbiyak na bunga ang mga ito. “Ito naman si Jerome.” Hindi niya mawari pero parang may kakaiba sa pagkakabigkas ng kausap sa pangalan ng anak nito.

Napatitig si Liezel sa picture at gayon na lang ang biglang paglukso ng kanyang puso dahil pakiramdam niya ay nakatitig sa kanya ang nangungusap nitong mga mata. Hindi na naalis ang tingin niya roon kahit nang ipakilala na ng matanda ang dalawa pa nitong anak.

# 1

“Wala pa kaming buena-mano, Ma’am. Wala kaming isusukli d’yan.”

Napaangat ng tingin si Liezel sa nagsalita at gayon na lang ang panlalaki ng kanyang mga mata nang makita ang nakangiting mukha ni Jerome, ang pangalawa sa apat na anak ng kanilang boss.

Tila siya nabatubalani at awang ang mga labing napatitig dito. Sa mahigit apat na taon niyang pagtatrabaho sa hardware store na pag-aari ng mga magulang nito ay iyon pa lang ang unang beses na natitigan niya ito sa malapitan. At kung guwapo ito sa picture at eye catcher ito sa malayuan, sa malapitan ay tila ito isang Greek god na kakambal ni Adonis kahit nakasuot lamang ito ng simpleng white shirt at cargo shorts. Halatang hindi pa rin ito naliligo dahil magulo pa ang buhok, gayunpaman ay hindi iyon nakabawas sa gandang lalaki nito.

Kung hindi pa ito pumitik sa hangin ay hindi pa magbabalik sa kanyang sarili ang tumakas niyang diwa.

“Para kang namaligno,” nakangiting biro nito sa

kanya.

“K-Kuya Jerome, ano po’ng ginagawa n’yo rito? Ang ibig kong sabihin... kailan po kayo dumating?” litong tanong niya nang makabawi sa pagkatigagal.

“Kagabi lang. Para kang si Mama, hindi makapaniwala na narito ako,” hindi nawawala ang ngiting sagot nito. “Sa loob ka, ikaw ang humawak ng kaha. Wala si Mama, may lakad sila ni Maica,” tukoy nito sa bunso at solong babae nitong kapatid na kasing-edad lamang niya.

“Sige po.”

Tumalikod na si Jerome at nagpatiuna sa pagpasok sa loob ng opisina, sumunod naman siya. Dahil matagal na siyang nagtatrabaho sa mga ito ay si Liezel na ang katiwala roon. Siya ang tumatayong supervisor kapag wala si Ate Minerva, ang mama ni Jerome. Siya ang nag-aayos ng kanilang mga payables, at siya rin ang nagpu-purchase ng mga kulang nilang stock.

Dahil kabisadong-kabisado na niya ang pasikot-sikot ng pagma-manage ng naturang negosyo, siya na rin ang nakikipag-usap sa mga suppliers nila at nakikipag-negotiate sa mga discounts and terms, siya rin ang gumagawa ng sahod ng kanilang mga

tao. Sa madaling salita ay assistant siya ng kanilang amo. Pero paminsan-minsan kapag marami ang customer at hindi ma-accommodate ng tatlo nilang tintera ay tumutulong din siya sa pagtitinda—kahit ayaw na ayaw siyang pinalalabas ni Kuya Jose noong nabubuhay pa ito.

Pagka-graduate pa lang niya ng high school ay doon na siya namasukan bilang tintera, pero hindi iyon ang naging trabaho niya. Sa opisina siya pinamalagi ni Kuya Jose, ang ama ni Jerome at siyang tumanggap sa kanya. Ang naging trabaho niya bukod sa pag-aayos ng mga resibo ay ang ipagtimpla ng kape ang matandang dalawang taon nang namamayapa.

Mabait si Kuya Jose at si Ate Minerva kaya hindi nakapagtataakang tumagal siya roon kahit pa hindi naman kalakihan ang kanyang sahod. Ang totoo ay wala sila sa minimum wage, pero mayroon naman silang mga benefits gaya ng *SSS*, *PhilHealth* at *Pag-IBIG*.

Marami rin ang gustong i-pirate si Liezel dahil marami na siyang nalalaman sa pamamalakad ng negosyo, kabilang na ang kanilang mga suppliers, mas malaki raw ang sahod kung lilipat siya sa mga ito. Pero ni minsan ay hindi siya nagpasilaw sa magandang offer.



Bukod sa napakabait sa kanya ni Ate Minerva ay parang tiyahin na ang turing niya rito, kaya hindi niya maatim na basta na lang ito layasan. Idagdag pa ang malaking pagkagusto niya kay Jerome na kahit bihirang-bihira niyang makita ay hindi nawala sa kanyang puso.

Mula noong matitigan ni Liezel ang picture nito ay hindi na naalis sa kanyang isipan ang binata. Pero dahil nakabase ito sa France at bihirang umuwi ay pangatlong beses pa lang ngayon na nakita niya ito. Ang unang dalawang beses ay noong libing ni Kuya Jose, pero nakapuwesto ito malayo sa kanya kaya nagkasya na lang siyang tanawin ito mula sa kinalulugaran niya, at noong nakaraang taon na nag-Christmas party sila.

“Bilangin mo rin muna itong pera para hindi ka ma-short,” sabi ni Jerome nang makapuwesto siya sa harap ng pasimano na may built-in drawer sa ilalim. Nakadikit iyon sa dingding na yari sa salamin. May maliit na butas sa gitna ng salamin kung saan iaabot ng mga tindera ang bayad ng customer. Kapag nasa loob ay kita ang lahat ng nangyayari sa labas, at kasalungat naman kapag sinuman ay nasa labas.

Kahit na natitilihan si Liezel dahil sa presensya ni Jerome ay pinilit niyang gawing normal ang kanyang

kilos. Sinimulan niyang bilangan ang perang inilatag ng binata sa ibabaw ng pasimano at nang mag-match ang kuwenta nila ay nginitian siya nito nang ubod-tamis.

*Naman, Jerome ko, hihimatayin na ako sa kilig dito, umayos ka!*

“Ikaw muna ang bahala rito, ha. Alam ko namang wala akong maitutulong sa ’yo.” Tumawa ito kasunod ng sinabi. “Aakyat muna ako sa room ko, may jet lag pa ako.”

“Sige po, Kuya,” kiming sagot niya rito kahit na kanina pa naglulundag sa tuwa ang kanyang puso.

“Liesel, tama?” tanong pa nito na di nawawala ang ngiti sa mga labi.

“Opo, Kuya.” Hindi na siya nagtaka na kilala na siya nito kahit iyon pa lang ang unang beses na nagkausap sila. Kuha ito nang kuha ng picture sa kanila noong Christmas party at malamang na naipagtanong na nito kung sinu-sino ang mga mukhang pinag-aksayahan nito ng memory slot ng DSLR.

“Don’t call me ‘Kuya’, sobrang nakakatanda. Just Jerome, okay?”

“Sige po, Kuya.”

“Wow, kulit!” sabi nitong hindi naman kakikitaan ng pagkapikon, ni hindi nabura ang magandang ngiti nito. “D’yan ka na nga, mamaya na lang ulit tayo mag-usap.”

Sa kanyang pagkagulat ay pinisil pa nito ang pisngi niya bago tumalikod. Tulalang nasundan lang ng tingin ni Liezel ang likod nitong patungo sa pintong tatagos sa elevator na maghahatid dito sa third at fourth floor ng commercial/residential building.

“Ate Liezel, pasukli naman, mamaya mo na titigan si Papa Jerome,” pukaw sa kanya ng isa sa tindera na si Me-ann. Mas matanda ito sa kanya ng isang taon, pero dahil siya ang pinakamatagal sa trabaho, ‘Ate’ ang tawag sa kanya ng lahat.

Agad niya itong binalingan at kinuha sa kamay nito ang resibo at ang perang hawak nito.

“Eh, di kilig to the bones ang peg mo ngayon, girl?” nanunukso ang ngiting tanong pa nito. Dahil katapat ng nakaupo sa harap ng kaha ang butas sa salamin ay nagpakahirap pa talaga itong yumuko para makausap siya.

“Huwag ka ngang maingay diyan, kapag may

nakarinig sa 'yo," saway niya rito.

“Duh! Para namang hindi alam ng lahat ng tao rito na may gusto ka kay Kuya Jerome.”

Pinanlakihan niya ito ng mga mata saka pasimpleng luminga sa kanyang likuran para masigurong walang ibang nakapasok na miyembro ng pamilya Alcala. Minsan kasi ay basta-basta na lang pumapasok doon ang sinundan ni Maica na si Jeremy. Freelancer ito bilang isang comic artist, kaya palagi lang itong nasa bahay. At kung wala itong nira-rush na project ay lagi itong tumatambay sa office. May complete living room set din kasi doon, dining table, kusina at banyo kaya komportableng tumambay roon ang magkakapatid na Alcala.

Kadalasan pa nga ay doon din ini-entertain ni Ate Minerva ang mga bisita nito. Hindi naman iyon nakakasagabal sa kanyang mga gawain sa loob ng opisina dahil malawak ang buong silid.

“Eto na’ng sukli mo. Mamaya mo na ako daldalin, unahin mo ang customer,” turan niyang nilakipan ng awtoridad ang pananalita, pero hindi man lang tinalaban si Me-ann. Hindi naman sa lumalaban ito sa kanya, pero sadyang kabisado na nila ang ugali ng isa’t isa kaya kahit magmurahan pa silang dalawa ay hindi sila magkakapikunan.

“Sure, Ma’am. Takot ko na lang sa future daughter-in-law ni Ate Minerva,” sabi pa nito bago natatawang kinuha ang sukling ibinibigay niya at nagmartsa na pabalik sa harap ng iniwang customer.

Napapailing na lang si Liezel kasabay ng pagsilay ng ngiti sa kanyang mga labi. Tumayo siya at inilabas mula sa drawer ng kanyang personal table ang notebook kung saan nakasulat ang mga running out items nila na inihanda na niya kahapon pa bago sila magsara. Lumipat siya ng upo sa harap ng computer at ini-encode doon ang mga items para mai-email niya sa kanilang supplier. Panaka-naka lang siyang tumatayo kapag may nagpapasukli.

Dahil masyado na siyang abala noong mga oras na iyon ay nakalimutan na niya kung ano ang ipinagmumukmok niya kaninang naabutan siya ni Jerome na nakapangalumbaba sa labas habang pinapanood ang nagdaraang mga sasakyan. Naalala lang niya iyon nang tumunog ang telepono.

“*Alcala Trading*, good morning,” bati niya sa tumatawag. Iniipit niya sa pagitan ng pisngi at balikang telepono para makagalaw pa rin ang kanyang kamay sa keyboard ng computer.

“P’wede po kay Liezel?”

Nakilala niya agad ang boses ng kanyang kapatid na si Russel. “Ako ’to, Ate.”

“Ikaw na pala ’yan. Hindi ka sumasagot sa cellphone mo, eh, kaya dito na kita tinawagan.”

“Busy ako, eh,” pabalewala niyang sagot. Hindi na niya kailangan pang tanungin kung ano ang pakay nito sa pagtawag sa kanya dahil alam na niya iyon.

Noong isang araw pa siya nitong kinukulit na mag-invest siya sa e-loading business na gusto nitong itayo kasama ang ilang kaibigan at pinsan. Magpa-franchise daw sila ng sariling outlet at sampung libo na lang ang kulang ng mga ito. Hindi naman iyon ganoon kalaking halaga, pero aywan niya kung bakit siya ang kinukulit nito.

Ang suhestyon ni Liezel ay mangutang na lang ito o mag-loan sa bangko pero ayaw nito. Hindi naman daw para rito ang gusto nitong mangyari, para rin daw sa kanya. Kaysa nilulumot lang sa bangko ang kanyang ipon, dodoble daw iyon kung makikipag-business partner siya sa mga ito. Hindi na niya kakailanganing tumulong para palaguin ang negosyo, basta mag-invest lang siya ay kikita na rin siya.

Hindi naman sa wala siyang tiwala sa kanyang kapatid, pero may pinaglalaanan kasi siya ng pera.

Plano niyang mag-enroll sa susunod na semester kahit ilang units lang. Bukod sa pangarap niya talagang makapagkolehiyo ay isa rin iyon sa habilin sa kanya ni Kuya Jose bago ito pumanaw. Matutuwa raw ito kapag tinupad niya ang kanyang pangarap. Napag-usapan na rin nila ni Ate Minerva ang bagay na iyon at natuwa pa ito para sa kanya. Pero hindi siya aalis sa trabaho. Magiging working student siya.

Noon pa man ay pangarap na talaga ni Liezel ang makapagtapos ng kolehiyo para mabigyan niya ng magandang buhay ang kanyang pamilya. Dangan nga lang at hindi siya pinalad dahil hindi kayang tustusan ng kanyang ina ang kanyang pag-aaral. Nag-iisa na niyang kasama sa buhay ang biyuda. Limang taon pa lamang siya nang maulila sa ama. Ang Ate Russel niya ay anim na taon nang kasal sa isang seaman, kaya hindi rin siya nito natulungan kahit pa nangako ito noon sa kanya na pag-aaralin siya ng kolehiyo.

Sa halip ay lumuwas siya rito sa Maynila at nakipagsapalaran sa murang edad at dito na nga siya napadpad sa *Alcala Trading*.

“Liz, nakikinig ka ba? Para rin sa iyo ito. Hindi naman habambuhay ka na lang magtatrabaho diyan sa hardware. Stepping stone ’to para umasenso ka rin,” untag sa kanya ng kapatid matapos ulitin sa

kanya ang mapapala niya sakaling pumayag siya sa gusto nito.

“May pangarap naman ako, Ate. Di ba nabanggit ko na sa ’yo na mag-aaral ako sa susunod na semester?”

“Pero apat na buwan pa naman iyon. Sa panahong ’yon baka nabawi mo na ang perang ii-invest mo. Sigurado ito, Liezel, kung ’yan lang ang ikinakabahala mo. Huwag kang mag-alala, kung sakali lang na hindi nga mag-work ito, ibabalik ko pa rin sa ’yo ang pera mo para sa pag-aaral mo.

“Kung hindi lang magandang opportunity ito sa ’yo ay hindi ikaw ang kukulitin ko. May mga kaibigan naman ako na kayang mag-invest ng ganoong halaga, pero nanghihinayang lang ako kaya gusto kong ikaw ang mag-invest sa amin,” mahaba nitong paliwanag.

Napahugot siya ng malalim na hininga. May punto naman ito. At kung sakali ngang pagbigyan niya ang kapatid ay may matitira pa rin sa kanya. May apat na buwan pa rin siya para muling makapag-ipon.

Hindi na niya kakailanganing magpadala ng pera sa kanyang ina sa probinsya dahil mula nang bigyan niya ito ng kapital para makapagtayo ng maliit na sari-sari store ay sinabihan siya nitong huwag nang



magpapadala. Malaki na raw ang naitulong niya. Naipaayos na rin niya ang kanilang dating maliit na barung-barong, wala na raw itong mahihiling pa kundi ang matupad naman niya ang kanyang pangarap.

“Sige, bukas ihuhulog ko sa account mo,” pagpayag niya para matapos na lang ang pag-uusap nila.

“O, di pumapayag ka na? Aasahan ko ’yan bukas, ha?” nasisiyahan nitong sabi.

“Oo na nga, di ba? Sige na, marami pa akong gagawin. Baka maabutan pa ako dito ng boss ko, sabihin pang nagtetelebabad ako.”

Nagpaalam na rin sa kanya si Russel. Matapos maibaba ang telepono sa cradle ay muli niyang tinutukan ang ginagawa sa harap ng computer. Kailangan niyang maipadala ang lahat ng purchase orders sa supplier ngayon dahil three to five days bago mag-deliver ang mga ito at baka maubusan na sila ng stock. Kanina pa dapat siya tapos kung hindi lang maya’t mayang may nagpapasukli, idagdag pa ang pagtawag ng kanyang kapatid.

Nang matapos niyang ma-email ang kanilang mga order sa supplier ay tinawagan pa ni Liezel

ang mga ito isa-isa para i-verify kung natanggap ng mga ito ang email niya. Kadalasan kasi kapag hindi siya nag-ve-verify ay hindi naaasikaso ang kanilang purchase order o PO, o di kaya ay idadahilan ng mga ito na walang natanggap galing sa kanila kaya nagsisiguro siya.

Nasa kalagitnaan siya ng pakikipag-usap sa isang supplier nang magpasukli sa kanya si Berna. Inipit niya muli sa pagitan ng pisngi at balikang telepono, pero bago pa niya naabot ang pera mula sa tindera ay may isang kamay na kumuha niyon. Napaangat siya ng tingin at nakita niya si Jerome.

Nakatayo ito sa kanyang tabi at nire-review ang resibo saka binilang ang perang hawak. Simpleng maroon t-shirt at maong na shorts ang suot nito, maayos na rin ang medyo malago nitong buhok at napakapresko nitong tingnan.

Dahil magkatabi lang sila ay nanunuot sa kanyang ilong ang napakabango nitong amoy. Mabango rin naman ito kaninang umaga pero mas lalo ngayon. Perfume yata ang ipinaligo nito. Mabango rin si Jeremy pati ang panganay na si Marvin, pero hindi ganito katindi ang pagkaakit niya sa amoy ng dalawa. Di tulad kay Jerome na tila gusto na niyang singhutin nang buo.

Napasinghap pa ang dalaga nang bahagya itong yumukod upang hilahin ang drawer ng pera sa kanyang harapan. Lalo tuloy napalapit ang kanyang ilong dito, bukod doon ay naramdaman niya ang sumisingaw na init mula sa katawan nito kaya pakiramdam niya ay nagtayuan ang kanyang balahibo.

“Hello, Liezel?” pukaw sa kanya ng kausap sa telepono nang matagal siyang hindi nakapagsalita.

“Sige po, Sir Steve, sigurado po ’yon. Kung gusto n’yo po isabay n’yo na ’yung pag-pick up ng tseke n’yo sa delivery ng order namin para hindi na maabala ang tao n’yo,” sabi niya sa kausap at mabilis na inalis ang tingin kay Jerome. Hinayaan na niya itong umasiste kay Berna.